of President Rodrigo Duterte, iyong mid-year bonus natin, aside from the year-end bonus, and of course, there shall be no salary overlaps.

Among the findings—what I was able to mention a while ago that the current pay in the government is at 75 percent of market on average based on the general industry rates. But with the implementation of the proposed SSL 5, this will bring the government pay closer to 96 percent or very close to the market on the average. So, hopefully, kung ma-implement po iyong SSL 5, kapag fully implemented na, malapit na po tayo sa standard po ng market or private sector.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you po, Mr. Speaker.

Katulad rin po kanina ng sinasabi natin, iyon pong study ay based doon sa comparison between private sector and public sector salaries. So, ang tinatanong ko po, Mr. Speaker, na-consider po ba sa study iyong cost of living at saka iyong consumer price index? Kasi, siyempre po, ang lalabas naman dito ay iyong purchasing power noong suweldo ng government employees at ng teachers. So, iyon po iyong magsusukat kung gaano ang mabibili ng suweldo ng isang government employee or teacher.

REP. UNGAB. Yes, Mr. Speaker, iyon pong cost of living has been included. This factor has already been incorporated in coming up with the customized survey. Very comprehensive po iyong study na ginawa ng DBM, iyong commission ng private sector na gumawa ng study ng DBM on this compensation adjustment, Mr. Speaker.

REP. CASTRO (F.L.). Magkano po ba, Mr. Speaker, ang budget natin para sa salary increase ng SSL 5?

REP. UNGAB. If you remember, Mr. Speaker, naitanong din po iyan dito when we were deliberating on the budget in the plenary that is P31.1 billion and dinagdagan po ng Senado ng P3 billion for the salaries po ng nurses, so a total of P34.2 billion na po tayo ngayon.

REP. CASTRO (F.L.). Okay, so P31 billion. Kasama rin po ba rito iyong sa nurses?

REP. UNGAB. Yes, lahat-lahat na po iyon, iyong P31 billion plus P3 billion, so P34.2 billion na ang allocation ngayon under the GAA 2020, Mr. Speaker.

REP. CASTRO (F.L.). So, mayroon tayong P34 billion.

REP. UNGAB. Thirty-four billion pesos.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, thank you, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. So, ganoon pa rin po, Mr. Speaker, ang stand ng Kinatawang ito kaugnay noong proposed House Bill No. 5712 na sa tingin po ng Kinatawang ito mula sa nasa Salary Grade 1 na mga rank and file hanggang doon sa sinasabi nating Teacher III na kino-consider nating mas pinakamababa iyong percentage of increase mula noong Salary Standardization 4 and 3 ay napakaliit ng percentage of increase na kung tutuusin natin ay dapat nakasunod ito doon sa cost of living.

Iyon naman pong sinasabi nating dagdag na compensation like iyong PERA na P2,000, lahat naman po mayroon nito including the military and uniformed personnel. So, I still maintain, Mr. Speaker, na sana po ang maging starting salary ng ating mga Teacher I, Salary Grade 1 ay maging P30,000 na nakalagay po sa ating Bill at P16,000 po doon sa ating government employees, Salary Grade 1, para sumunod po ito doon sa at least man lang minimum pay para sa government employees na nasa Salary Grade 1 at siyempre in terms of professional qualification, hindi po deserve, sa tingin ko po, Mr. Speaker, itong salary ng mga teacher para doon sa SSL 5.

Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, next to interpellate our good Sponsor is Hon. Ferdinand R. Gaité of BAYAN MUNA and I request that the Gentleman be recognized.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hernandez). Hon. Ferdinand R. Gaité is hereby recognized.

REP. GAITE. Maraming salamat po, Mr. Speaker. Pahihintulutan ba ako ng ating kagalang-galang na Cong. Sid Ungab na makapagtanong ng ilang clarificatory questions regarding the proposed salary increase for government workers?

REP. UNGAB. Yes, gladly, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Maraming salamat po.

Batay sa ating Saligang Batas, Article XIII, Section 3, binibigyan ng pagpapahalaga talaga ang sinasabing social justice and human rights. At pahintulutan ninyo po akong basahin iyong Section 3 ng ating naturang probisyon na binibigyan ng pagpapahalaga ang ating manggagawa, ang labor. Ang sabi po rito sa second paragraph sa Section 3, referring to the State:

It shall guarantee the rights of all workers to self-organization, collective bargaining and negotiations, and peaceful concerted activities, including the right to strike in accordance with law.

Second sentence states:

They shall be entitled to security of tenure, humane conditions of work, and a living wage.

Dito sa pag-unawa ng Kinatawang ito, ito po ay dini-direct iyong State na bigyan ng nakabubuhay na sahod ang ating mga manggagawa. Does the proponent agree to that statement, Your Honor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Yes, I agree, Mr. Speaker, and that is incontrovertible. Iyon pong ating Presidente, hindi ko po makalimutan noong ako ay konsehal pa at siya ay mayor, noong kami ay nagdi-discuss ng budget ay sinasabi niya palagi sa akin, "Sid, let us prepare a budget that will benefit the poor, that will help the poor because the rich can take care of themselves." Ganyan po ang ating Presidente ngayon sa Pilipinas.

REP. GAITE. Maraming salamat po at hindi po nagkakahawalay tayo sa panindigang iyan sapagkat sa matagal na panahon, bilang tagapangulo ng mga organisasyon at unyon ng mga government worker sa ilalim ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees, iyan po ang isa sa pinakamariin na kampanyang isinulong ng mga government workers bunga na nga ng pagtingin na itong probisyong ito ay hindi naisasakatuparan ng gobyerno, kung kaya dito sa panukala ngayon na inihahapag sa august Body ng Kongreso, tinitingnan po namin kung ano ang ginamit na batayan sa pinapanukala ngayong dagdag sa sahod sa ilalim ng House Bill No. 5712.

Nabanggit po ng ating unang nag-interpellate na mayroon daw ginawang pag-aaral ang Department of Budget and Management. At ang pagkaintindi ko, kumuha ng consultant ang DBM para gawin ang pag-aaral na ito.

Una po, ano ho ba iyong consultancy firm na ginamit ng DBM para lang sa kaalaman ng ating Kapulungang ito, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. UNGAB. The consultant, as per our DBM representative, is Willis Towers Watson.

REP. GAITE. Okay. Kung hindi ako nagkakamali, baka puwedeng malaman kung ito rin ba iyong ginamit na consultancy firm doon sa pagbubuo ng panukalang batas doon sa usapin sa pasahod noong SSL 4 o iyong tinatawag na Salary Standardization Law 4 na

isinakatuparan noong taong 2016 hanggang 2019, Your Honor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Yes, it is the same firm, Your Honor, Mr. Speaker, but it follows a procurement procedure conducted by the Governance Commission for GOCCs. So, the same firm won the bidding, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. GAITE. Siguro para sa transparency na lang, Your Honor, Mr. Speaker, magkano inabot iyong ating kontrata with the Brightwater, Your Honor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Including the GOCC's study, Mr. Speaker, it is less than P50 million, at saka naipanalò po iyon through bidding, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Fifty million po, tama po?

REP. UNGAB. Less, less than P50 million.

REP. GAITE. Malaki-laking halaga kung titingnan, ngunit may obserbasyon ang Kinatawang ito na sa laki ng ginastos natin para sa consultancy firm para alamin kung ano ang karapat-dapat na sahod ng mga manggagawa, pilit pa rin na ang argumento ay ginagamit iyong market forces. Tama po ba iyan, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. UNGAB. Yes, again, the objective is to determine the competitiveness of government pay in relation to that in the private sector and the compensation strategy to bring government pay closer to market rates. Iyon po ang strategy, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Doon po ako may reserbasyon sa paggamit nga ng market forces sapagkat mismo sa Konstitusyon, kaya nga po nakalagay sa konteksto ng social justice, tungkulin ng State na hindi market forces kundi paano titiyakin na sa ngalan ng panlipunang katarungan, hindi market and determinant ng wage kung hindi, tulad ng iko-quote ko uli sa Saligang Batas:

They shall be entitled to security of tenure, humane conditions of work, and a living wage.

Tanong ko lang, Mr. Speaker, Your Honor, bakit hindi po living wage ang ginagamit na pamantayan? Bakit market forces? Eh alam po naman natin, sa isang lipunan tulad ng Pilipinas, ang sahod ay pawang napakababa at nagkakaroon ng spiraling down or iyong tinatawag nilang "race to the bottom" na usapin sa sahod na sa halip na lumaki ay pababa pa nga nang pababa.

Bakit natin pilit na inihahambing ang sahod doon sa tinatawag na market forces na pilit na inihahambing ang sahod sa pribadong sektor at gayundin sa pampublikong sektor na ang sinasabi ng Saligang Batas, ang pamantayan ng comparison ay living wage, Your Honor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Mr. Speaker, in a free-market society, it is the market forces that determine the transactions of everyday living. So, it is the measure, it is the standard being followed not only for various rates—industry standards interest rates, foreign exchange rates—pati po sa salary doon po tayo nagbabase sa market rates kasi po we should be able to come up with rates that are comparable to the standard na ibinibigay po ng private sector. Actually, not only the private sector, but also the government, that is why the government is doing its best to be within the standard, within the market standard. Iyon po ang ginagawa, kaya nga kung mai-implement po itong SSL 5 na ito, we will be very much closer already to the average standard po overall. So, iyon po, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Salamat po, kagalang-galang na Sponsor, Mr. Speaker.

Aware po ba ang ating kagalang-galang na Sponsor kung ano iyon bang itinatakda na living wage sa kasalukuyan? Pag-usapan muna natin kung ano iyong existing na datos po na mayroong available mula sa mga ahensiya na may responsibilidad para tiyakin kung ano ba iyong sinasabing nakabubuhay na sahod o living wage, Your Honor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Iyon pong data na nandito sa akin, iyon iyong current private sector minimum wage for NCR monthly. It is the basic wage with Integrated Cost of Living Allowance o COLA, it is P11,814. Again, it is P11,814. Iyong ating Salary Grade 1 is under SSL 5 will be already P13,000 per month, so medyo mas mataas po iyong Salary Grade 1 ng gobyerno, ng under SSL 5 as compared to the basic wage dito po sa private sector with integrated cost of living allowance na P11,814. So, mas mataas po ang nasa SSL 5, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Your Honor, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ang katanungan ko po, ano po ang kailangang sahod na tanggapan ng isang mangagawang Pilipino para mapunuan niya ang kaniyang mga batayang pangangailangan: pagkain ng kaniyang pamilya kasama siya, tahanan na uupahan o babayaran, kuryente, tubig, transportasyon, at isama pa dapat ang gastusin sa edukasyon, pangkalusugan, at iba pa para matustusan iyong mga batayang kailangan para matawag na ang sahod ay "living wage" o "nakabubuhay na sahod," Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Mayroon pong pinagbasehan na datos iyong data po na Summary of Current Regional Daily Minimum Wage Rates per region. Ang dami po nito—NCR, Cordillera Administrative Region, Regions I to XII and Caraga, and ARMM, then the agriculture sector, non-agriculture sector. These rates po ang pinagbabasehan, kino-compare po ito sa present government rates. Ito po, iyong present government rate, is higher than the basic wage. So, iyon pong proposed minimum wage, in fact, is 27 percent higher than the prescribed minimum wage rate in NCR. So, ito po iyong ating proposed SSL 5, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ang binabanggit po ata ng ating kagalang-galang na Sponsor ay iyong minimum wage rates sa kasalukuyan. Ang inaalam po ng Kinatawang ito, ano ba iyong kailangan o magkano iyong halaga na kailangan ng isang manggagawang Pilipino para matugunan iyong kaniyang mga batayang pangangailangan? Batay po sa Saligang Batas, ang nakasaad po “living wage.” However, this Representative believes that the current wage structure in the private sector, iyong binabanggit po ninyo sa Metro Manila na P537 kada araw, ang P537 ay hindi sapat para tugunan ang batayang pangangailangan kahit na sinabi pa kamakailan lamang ng Philippine Statistics Authority na iyong poverty threshold level daw ay nasa bandang once mil kada buwan para sa isang pamilyang Pilipinong may limang kasapi. Ngunit ang term na ginamit nila dito, “poverty threshold level.” Ang sinusukat na po ngayon, poverty ng PSA.

Ang tanong ko, bakit hindi sinusukat iyong living wage, hindi iyong kahirapan? Kung hindi, ano iyong kailangan para mabuhay ang isang pamilyang Pilipino, na ang kaniyang nutrisyon ay sapat para hindi maging undernourished ang kaniyang mga anak, na iyong kaniyang mga anak ay makakapag-aral kahit sana hanggang high school level at may option para pumasok sa college, na iyong kaniyang tahanan ay matatawag niyang kaniya o di kaya ay inuupahan sa mababang halaga, o di kaya naman, iyong kaniyang mga gastusin sa mga kuryenteng tumataas, iyong tubig na napakamahal sa ilalim ng MWSS ay matugunan? Hindi pa kasama riyan iyong katakot-takot na gastusin sa pagkakasakit, pagpapaospital, at iba.

Ngayon, ang sinasabi ng ating kagalang-galang na Kinatawang Sponsor ng House Bill No. 5712, na iyong current wage rate na regionalized as a matter of fact, ay sapat na para mabuhay ang isang pamilyang Pilipinong may limang katao. Tama ba ang pagkaintindi ko, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. UNGAB. Mr. Speaker, iyon pong data na aking hinahawakan po ngayon, iyon pong minamandato po noong Regional Tripartite Wages and Productivity Boards, bawat region, ito po iyong nire-require na

bayad po na pasahod, non-agriculture and agriculture rates, bawat region. So, iyon po ang pinagbabasehan para po makapagbigay tayo ng mas maganda at very competitive rates po para sa ating government workers or government sector, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Salamat po, ang ating kagalang-galang na Congressman Ungab. Ngunit hindi pa rin matatanggap ng Kinatawang ito na iyong kasalukuyang sahod na ipinatutupad sa ilalim ng Regional Tripartite Wages and Productivity Boards, ma-NCR man iyan, ma-Cordillera man iyan, ma-Region 3, et cetera, ay hindi umaabot sa nakabubuhay na antas.

Ibang pamantayan ang gagamitin sa pagsukat kung ano ang kailangan ng isang manggagawang Pilipino. Hindi natin ipagkakasya iyong nilalaman mismo ng provisions ng mga Regional Tripartite Wages and Productivity Board orders regarding the minimum wage kung kaya’t nakikita natin at naririnig natin ang matagal ng kampanya ng manggagawa hindi lamang po sa pribadong sektor kung hindi gayundin sa gobyerno na dapat itaas ang sahod. Ang panawagan ay tulad ng mga ginawa na ng mga iba’t ibang mga Kinatawan dito sa Kongreso ay naghapag ng kani-kanilang mga panukala para itaas ang sahod ng mga manggagawa both private and public sector. Kung kaya’t sa bahaging ito, kami po ay natutuwa na pinag-uusapan ang pagdagdag ng sahod sa 2.4 million nating mga manggagawa sa loob ng gobyerno. Pero, kasama na rin diyan ang panawagan na dapat itaas rin ang sahod ng ating mga manggagawa sa pamprivadong sektor.

Itong panukalang batas na ito ay sinisikap na itaas ang sahod ng ating mga government workers ngunit nakikita namin na hindi pa sapat sapagkat, sa matagal na panahon, ang sahod sa mga government workers ay pawang napakalayo kung ihahambing sa nakabubuhay na antas.

Ngayon po, gusto ko lang pong ipabatid sa inyo, iyong mga nakaraang salary increases sa ilalim ng tinatawag na batas na Salary Standardization Law o iyong Republic Act No. 6758 na isinabatas, unang-una noong 1989, panahon po ng yumaong Presidenteng Cory Aquino. Dito po sa SSL 1 na tinatawag ngayon, o Salary Standardization Law 1 na ipinatupad noong 1989, ang itinaas ng sahod noong panahon na iyon ay umabot ng 233 percent na increase. Dati po, ang sahod na katumbas na Salary Grade 1, for example, ay nasa bandang P600 lamang. Noong ipinatupad iyong SSL 1, noong 1989, tumaas po ng P2,000 ang minimum na Salary Grade 1, a 233-percent increase. At ito po, hindi ibinigay in tranches, ibinigay po ng one time-big time. Kung kaya’t noong panahon na iyon, malaki ang ngiti ng mga government workers. Bagama’t hindi pa rin umaabot sa nakabubuhay na antas ng sahod, kahit paano ang sahod noon ay naa-approximate iyong living wage.

As a matter of fact, based on our studies, it approximated about half of the living wage.

At that time, according to various statistics from IBON and others, P4,000 ang living wage o cost of living pero ang sahod noon, from P600, bunga noong malakas na kampanya ng mga government workers, naitaas nila sa P2,000 but with sacrifice because many of our workers noon, lumabas sa lansangan para isulong sa Kongreso at Senado na maitaas ang kanilang sahod, at 233 percent ang increase noong panahon na iyon.

Noong 1994, ito po iyong tinatawag na SSL 2 o iyong Salary Standardization Law 2, panahon po ng ating dating Pangulong Ramos, kung saan ang suweldo noon, eh di naging P2,000 na, itinaas to P4,400 ang minimum. Iyong Salary Grade 1, Step 1, ay itinaas sa P4,400. Kung ating iko-compute ang rate increase noon, 120-percent increase. Pero dito na po nauso iyong tranches na increases. Ibig sabihin, hindi ito one time-big time, kung hindi four installments. Ang mga kawani noon ay appreciative pa rin dahil kahit paano 120-percent increase, so hindi masyadong masakit kahit maghintay pa sila ng apat na taon.

Noong SSL 3, ipinatupad po ito noong panahon ng ating dating Pangulong Macapagal-Arroyo at dito po maliit na lamang iyong increase. So, from 233 percent, bumaba ng 120 percent sa SSL 2, at noong SSL 3, roughly, mga 20 percent na lamang iyong increase—P9,000 dati ang minimum wage, itinaas ng P11,068. So, mayroong increase naman, in fairness, hindi ho naman natin maikakaila iyan.

Pero ngayon, I was trying to compute the increase from the P11,068 level today, tapos by the end of the implementation of the law, magiging P13,000 iyong Salary Grade 1, Step 1. This is a mere 17-percent increase. At ang masakit niyan, installment, in tranches. Before that can even be achieved, each and every government worker will have to wait four long years—four long years.

Mr. Speaker, Mr. Sponsor, aware po ba kayo, iyong impact nitong salary increase na ito na, as it is, sa pagtantiya po namin, kung noong 1989, P4,000 ang cost of living, dahil sa inflation at pagtaas ng presyo ng mga bilihan, kuryente, tubig, pagkain, upa sa bahay, at iba pa, ang tantiya po ng iba't ibang grupo na researchers, na mga economists, ang isang pamilyang Pilipinong may limang katao dapat, more or less, P30,000 kada buwan ang sahod. Kahit itaas pa natin kung gayon, na ang suweldong dating P11,068 gagawing P13,000 pero after four years, tingin ba ng ating kagalang-galang na Sponsor, ito ba ay matatawag natin sincerely na “living wage,” Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Mr. Speaker, iyon pong SSL 4 is 27-percent-weighted-average increase plus 8-percent increase in mid-year bonus. At saka iyong SSL 5 naman is 23.24-percent-weighted-average increase at

i-prioritize iyong rank and file. For Salary Grade 11, iyong increase is 30.1 percent.

Then, aside from the salary increases, the government is also providing additional benefits such as the mid-year bonus worth one month's salary, the productivity enhancement incentive of P5,000 and the performance-based bonus, which is minimum of 50 percent of the monthly salary. So, iyon po iyong ating SSL 5, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, salamat po sa information na iyon. Pero, ang itinatanong po ng Kinatawag ito, kung umaabot ba talaga itong P13,000 na ito sa nakabubuhay na sahod, iyong kailangan para matustusan ang mga batayang pangangailangan? Ang sinasagot po ng ating kagalang-galang na Mr. Sponsor iyong increase, pero hindi sinasagot kung ito ba ay masasabi, ayon sa ating Saligang Batas, na nakabubuhay na sahod.

Hindi po, sa pananaw ng Kinatawag ito, ito ay living wage kung hindi isang “libing wage” sapagkat nakabaon sa utang ang maraming government workers ngayon bunga ng liit ng sahod nila. Ang ginagawang katatawanan na lang ng ating ibang mga guro ay Londoners daw sila. Bakit Londoners? Loan diyan, loan dito, loan doon, utang nang utang, GSIS man iyan, cooperative at iba pa. Pati mga private banks ay nagpapautang na para lang matustusan ng mga ordinaryong kawani iyong kanilang mga batayang pangangailangan.

Kaya po hanggang ngayon, hindi ma-reconcile ng Kinatawag ito kung paano nag-arrive itong mga binayaran na P50 million na consultancy fee, ang isang kumpanya na nagsabi na ang sahod na ito ay sasapat. Hindi maisip ng Kinatawag ito na kung paano matatawag na itong pino-propose na increase ay nakabubuhay na sahod. Paano po natin maja-justify ito sa ating mga maliliit na mga magwawalis, maliit na mga manggagawang Pilipino, ang ating mga guro, ang ating mga nurses, kung ang sahod na binibigay natin ay hindi pa ho umaabot sa nakabubuhay na antas, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Again, Mr. Speaker, iyon pong pinaka-minimum na salary grade natin, which is Salary Grade 1 is P13,000. We believe, for a government worker, iyon na po iyong the best na maibigay natin considering, of course, the availability of funds, and considering, of course, iyong study na ginawa. At saka po, P13,000 iyong ating salary, compared to the private sector, iyon pong Salary Grade 1 is 111 percent higher than the private sector's rate. At saka po iyong ating datos po, iyong data natin sa NEDA, iyong poverty threshold level is you need P10,481 per month in order to meet the basic food and non-food needs of a family of five.

So, more or less, iyong P13,000 is reasonable po. At saka iyong ating Salary Grades 1 to 16—no, Salary Grades 1 to 10 are tax exempt po. So, ang take home pay noong ating mga between Salary Grades 1 to 10 is 100 percent.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Uulitin ko po na hindi naniniwala ang Kinatawagang ito na ang ipino-propose na increase ay aabot sa nakabubuhay na antas. Pawang napakababa nito at napag-iwanan na habang ang sahod ng iba pang mga nasa bukrasya ay tumaas.

Puwede ho bang mapaalala tayo doon sa itinaas ng sahod noong ating mga kapatid na military and uniformed personnel nitong 2018 at 2019 through House Joint Resolution No. 1. Hindi ho ba, tama po ba, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, na iyong ating mga kapatid na pulis at sundalo, members ng BJMP, Bureau of Fire Protection, at iba pa, ay itinaas from almost a little under P15,000 a month? Ito po iyong Private at ang ating Police Officer I, pero noong 2018, almost P30,000 na ang suweldo ng ating mga kapatid na pulis at sundalo. Itinaas ito, hindi lang po itinaas, dinoble ang kanilang suweldo. Our 450,000 strong members of the military and uniformed personnel or MUP enjoyed a hefty increase.

Kung kaya nating gawin iyan sa ating mga sundalo at pulis, iyong ating mga hardworking teachers, hardworking employees in the government, including employees here in the House, hindi po ba that they also deserve an increase befitting a government worker na nagtatrabaho, na nagpapakahirap, nagsasakripisyo, pero ang sahod ay hindi umaabot sa nakabubuhay na antas? Kung kinaya natin sa ating military and uniformed personnel, bakit hindi natin kaya sa ating mga civilian employees, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. So, Mr. Speaker, iba po iyong nature noong trabaho ng military and uniformed personnel, at saka kakaunti lang po sila, working 24/7, at saka the nature of their job is security-related at saka may risk talaga sa buhay nila compared to the positions in the national government.

We have about 1.4 million or 1,395,000 workers in government that we would like to provide with this new salary scale under the new SSL 5, Mr. Speaker.

*At this juncture, Deputy Speaker Hernandez relinquished the Chair to Deputy Speaker Johnny Ty Pimentel.*

REP. GAITE. Nabanggit ninyo po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, na nagtatrabaho sila 24/7. Mr. Speaker, hindi ba iyong nurses and health workers din natin, ganoon din ang operations ng kanilang pagtatrabaho, 24/7? Practically, halos walang pahinga, napupuyat,

minsang, 24- or 36-hour shift na dire-diretso, at sila rin ay bahagi ng bukrasya. Hindi ba dapat sila rin ay bigyan ng kaukulang pagkilala sa kanilang kontribusyon sa pagbibigay ng serbisyo sa bayan?

Ang ating teachers na tumutulong para i-educate ang ating mga mamamayan, ang ating mga estudyante, hindi ba dapat bigyan din natin sila ng kaukulang pagbibigay ng pagpapahalaga, bunga ng kanilang kontribusyon sa nation-building?

Hindi ba dapat, kahit iyong ordinaryong magwawalis sa lansangan na tinitiyak na maayos, mas malinis ang ating kapaligiran, hindi ba karapat-dapat din na tulad noong ating mga kapatid na sundalo at pulis, ay binibigyan din ng dobleng pagtaas ng sahod tulad ng ginawa natin sa ating members ng AFP at PNP, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. We agree to that, Mr. Speaker, na kung puwede lang na bigyan po lahat ang ating workers ng sapat na take home pay. At iyon po namang sa ating nurses na na-mention earlier, may magna carta benefits na po sila. Mayroon din silang hazard pay na 25 percent of basic pay, may subsistence allowance, may laundry allowance and may night shift differential. So, iyon po ang sa nurses. So, may mga additional benefits na po na natatanggap sila.

REP. GAITE. Maraming salamat po sa impormasyon na iyon sapagkat totoo po na iyong benefits na ito ay kahit paano ay makakatulong o makakapagtawid sa ating mga manggagawa na lalo na iyong kalagayan nilang ang sahod nila ay hindi umaabot sa nakabubuhay na antas.

Sa totoo lang po, may isa pa hong concern ang Kinatawagang ito. Kung babasahin ko po ang panukalang batas, doon sa unang bahagi, may binabanggit pong prinsipyo sa pasahod ng ating mga manggagawa, at pahintulutan ninyo po akong basahin ang naturang probisyon sa usapin ng pasahod ng ating mga manggagawa. Hindi kumpleto iyong aking kopya pero from memory, babanggitin ko na lang po.

Ang isa pong prinsipyo na sinasabi sa pasahod, paulit-ulit, iyong probisyon na kapag magbibigay ng pasahod, ang isang prinsipyo na gagamitin ay equal pay for work of equal value, equal pay for work of equal value. Ano ho bang ibig sabihin nitong probisyon na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, para sa kaalaman ng lahat?

REP. UNGAB. Mr. Speaker, can I now proceed? The guiding principles for SSL 5 are as follows:

“It is hereby declared the policy of the State to provide all government personnel a just and equitable compensation in accordance with the principle of equal pay for work of equal value.”



Iyon po iyong nagiging guiding principle po ng SSL 5 at saka:

“(a) Differences in pay shall be based upon substantive differences in duties, responsibilities, accountabilities and qualification requirements of the positions.”

and “(c) The compensation of all civilian government personnel shall generally be competitive with those in the private sector doing comparable work in order to attract, retain and motivate a corps of competent and dedicated civil servants.”

REP. GAITE. Salamat po. Nakita ko na po iyon sa Section 2, Statement of Policy ng panukalang batas.

Doon sa usapin ng principle of equal pay for work of equal value, please correct me if I am wrong, kapag may isang posisyon na nasa loob ng gobyerno na pareho o kahalintulad ang job description, pareho ang job function, pareho relatively ang output required at pareho ang salary grade, tama po ba na sa interpretasyon ng Kinatawagang ito na kung pareho ang trabaho na nire-require sa isang manggagawa sa ibang ahensiya ng gobyerno at may kahalintulad sa ibang ahensiya ng pamahalaan, kapag sinabing principle of equal pay for work of equal value, kung pareho ang trabahong nire-require sa kaniya, pareho ang job function, pareho ang job description, relatively pareho ang output, pareho ang salary grade, therefore, pareho ang sahod? Tama po ba iyan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Wala po tayong disagreement diyan. We agree on that po, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Salamat po sa inyong confirmation. Pero sa matagal na panahon, kahit nasa unang-unang bahagi iyan, hindi lang po nitong ipino-propose po ng ating kagalang-galang na Sponsor sa ilalim ng House Bill No. 5712, kahit noong unang-unang SSL 1 pa ho, sa ilalim ng Republic Act No. 6758, nakasaad rin po ito, ngunit, unfortunately, hindi naisasakatuparan. Bakit ko po nasasabi ito? Kung pupunta po tayo sa pasahod ng ating mga manggagawa sa mga local government units, may institutionalized discrimination po sa batas ng Salary Standardization Law. Dito po sa inyong panukalang batas sa ilalim ng Section 10, na inulit lamang at kinopya sa mga nakaraang probisyon ng Salary Standardization Law, dito po nakasaad iyong Compensation Advancement for Personnel of Local Government Units. At dito po nakasaad iyong binabanggit po na matagal ng kritisismo ng government workers sa mga LGU at iba pang ahensiya ng pamahalaan na hindi po totoo iyong equal pay for work of equal value. Basahin po natin ang nakasaad

na inulit lamang sa mga nakaraang batas ng Salary Standardization Law.

Mayroon pong ginagamit na percentage of salary schedule. At iba ang pasahod sa mga special cities, first-class hanggang sixth-class provinces, cities and municipalities. At kung mapapansin natin, dito pumapaloob iyong sinasabing diskriminasyon. Sa mga special cities, first-class provinces and cities, suwerte sila, kasi kung ang income classification nila ay first class or special city, ang katumbas ng sahod nila ay 100 porsyento ng tinatanggap ng mga kawani sa national government agencies, government-owned and controlled corporations who fall under the Salary Standardization Law and also our employees in state colleges and universities. However, sa pagbabasa po ng panukalang ito, inulit lamang iyong paulit-ulit na discriminatory provision ng batas na ito, such that kung minalas-malas ka at nasa isang maliit na sixth-class municipality ka, hindi mo matatanggap iyong sinasabing panukala ngayon na after four years, P13,000 na ang suweldo mo. Hindi. Kasi, ia-apply na only 65 percent of the amount, after four years you will be only receiving the equivalent amount.

Ang tanong, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ano ho ba ang batayan kung bakit itong probisyon na ito ay paulit-ulit na inilalagay sa mga batas ng Salary Standardization Law? At sa halip na kilalanin iyong napakahalagang probisyon sa pagtatakda ng sahod na equal pay for work of equal value, within the law itself, vina-violate iyong probisyon na ito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. Ano ang rationale kung bakit inulit na naman ang probisyon na ito, Mr. Speaker?

REP. UNGAB. Actually po, iyong pinaka-main difference ng national government at saka iyong LGUs ay iyong capacity to pay po ng LGUs.

In terms of position classification, same ang position, there are positions na pareho ang national government and LGUs, pero nagkakaiba sa salary rates because of the capacity of the LGUs to pay. Alam naman po natin na may mga LGUs na first class, second class, third class, fourth class. At saka mayroon ding special cities depending on their income or IRA or their locally generated income. So, iyon po ang pinaka-main na difference.

REP. GAITE. So, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, kahit na mayroon na tayong probisyon na equal pay for work of equal value, bunga noong problema ng kakulangan ng pondo ng mga LGUs, magkakasya na lamang po tayo na magbigay tayo ng sahod na mas mababa. Mababa na nga iyong nasa national government agencies, hindi na nga umaabot sa nakabubuhay na antas, papayagan pa rin natin mas mababa pa in violation of that principle of equal pay for work of equal value. Tingin ninyo po ba iyan po ay nasa konteksto ng social justice, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. UNGAB. Actually po, iyong mga limitation po ng LGUs are on Republic Act No. 7160 which provides that under the Local Government Code, the LGU personnel services shall not exceed 45 percent of their income or their revenues for first to third class LGUs and 55 percent for lower class LGUs. The PS limitation is proposed to be maintained to promote prudence in the allocation of LGU funds and ensure the availability of funds for LGU programs and projects. Iyon po iyong pinaka-limitation kasi under the Local Government Code, hindi puwede maglampas ng 45 percent at saka 55 percent. For lower class LGUs, hindi lalampas ng 55 percent, at 45 percent for first- to third-class LGUs. Iyon po ang pinaka-limitation ng batas.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Sponsor, at aware po ang maraming local government units at employees din dito sa binabanggit ninyo po, dito sa Local Government Code of 1991, na nilalaman nga itong tinatawag nilang PS Cap or Personal Services Cap, na para daw ma-restrict iyong pondo ng kabuuang gastusin ng local government, may hangganan lamang ang puwedeng i-allocate sa pasahod o iyong tinatawag na PS o Personal Services, tama po kayo. Pero ito pong batas na ito, mas nauna po ito, ito precedence, 1989 po lumabas ito, iyong Local Government Code after several years, after two years. Pero po, in tandem po nagwo-work not for but against local government employees. Kasi liban po doon sa provision na nabanggit, mayroon rin pong restriction doon sa nabanggit ninyo pong Local Government Code.

Kung kaya't ang Kinatawag ito ay naniniwala na itong mga probisyon na ito ay dapat tanggalin, sapagkat hindi ito consistent doon sa ating prinsipyo ng pasahod ay dapat, una, ay umaabot sa nakabubuhay na antas, at ikalawa, dapat ang suweldo as based doon sa principles of wage setting, equal pay for work of equal value. Kung kaya't nami-miss itong opportunity na ito kung ito iyong panukalang ipapasá, sapagkat hindi natin mabibigyan ng hustisya o katarungan iyong ating mga manggagawa, sapagkat sa matagal na panahon, iyon iyong nais natin, na ma-correct iyong imbalance, na iyong maliliit na kawani ay dapat mabigyan ng nakabubuhay na sahod.

Unfortunately, the current wage schedule favors the higher level employees or officials. Sila iyong pinakamalaking increases noong mga nakaraang Salary Standardization Law. Although, of course, we acknowledge and recognize na ngayon, mas maliit ang increases ng mga top officials, but still, kung from P11,068, magiging P13,000 ang Salary Grade 1 or more or less mga P2,000 peso increase, iyong Presidente ng Pilipinas, kulang-kulang P400,000 noon, ay ngayon, gagawing P431,000, so P30,000-peso increase. Malaki pa rin iyon. Hindi iyan babahingan ng isang maliit na government worker, and they would be pleased to receive such an increase. However, the increases are

still relatively reserved for the higher or high officials in government. Kaya po, bagama't mas maliit iyong increase nila, unlike before na umaabot ng more than 300-percent increase, ngayon, bagama't mas maliit, hindi pa rin makatarungan, sapagkat marami sa ating mga manggagawa sa gobyerno ay hindi pa rin—iyong kanilang tinatawag na body and soul, they cannot remain intact, naghiiwalay iyong body sa soul kasi nga po hindi umaabot sa nakabubuhay na antas. Kaya po iyon po ang malaking reserbasyon ng Kinatawag ito.

Panghuli, puwede ho bang malaman kung ito po bang panukalang batas ay mayroon pong pagsasaprayoridad para sa ating pagpapasá? Ito po ba ay hinirang bilang priority Bill ng Kapulungang ito sa pamamagitan ng pagtulak ng ating Ehekutibo, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

*At this juncture, Deputy Speaker Pimentel relinquished the Chair to Deputy Speaker Michael L. Romero, PhD.*

REP. UNGAB. Yes, Mr. Speaker, we are in constant communication with the DBM and the DBM representatives are here.

Yes, this is priority legislation and anytime, we will receive the Certificate of Urgency considering that the Office of the President, through the DBM, was asking from our Committee a copy of the Committee report. So, ipinadala na namin a few hours ago, ipinadala na namin po iyong Committee report.

REP. GAITE. Maraming salamat po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Doon sa mga nabanggit na mga punto, pumapayag ba ang kagalang-galang na Sponsor na magkaroon ng mga pagbabago doon sa ipinapanukala para tumugma doon sa mga kahingian ng mga manggagawa na itaas ang sahod sa nakabubuhay na antas nang ang ating mga guro ay mas malaki ang itaas ng sahod na kapantay ng ating mga kapatid na military at uniformed personnel? Gayundin ay upang matanggal iyong disbalanse ng ating local government units na hindi mas mababa ang tinatanggap na pasahod para iyong konsepto na national minimum wage na sahod ay isa na lamang sa buong gobyerno para pakinabangan ang mas karapat-dapat na sahod ng ating mga manggagawa, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. UNGAB. Iyon pong isinasangguni ninyo, iyon iyong concern na sinasabi ninyo was already taken into consideration. This is the best, what do we call that na fiscally feasible and sustainable nating magawa through SSL 5 po. Iyon po ang pinaka the best alternative na puwedeng mangyari, itong ginagawa ngayon.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). Gentleman from BAYANMUNA, your time has elapsed.

REP. GAITE. Opo. Ang panghuli po, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). So, I am giving you time to wrap up.

REP. GAITE. ... nagpapasalamat kami doon sa kasagutan ng ating kagalang-galang na Mr. Sponsor, Congressman Ungab, ngunit hindi ko nakikita na ito na iyong best; we could do better.

Iyon lang po, Mr. Sponsor. Maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). The Majority Leader is recognized.

REP. VILLAR. Mr. Speaker, I move that we recognize Hon. Carlos T. Zarate from BAYAN MUNA for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). Rep. Carlos Zarate is now hereby recognized.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker.

Will the good Sponsor yield to some interpellation?

REP. UNGAB. Yes, Mr. Speaker, but I request for a one-minute suspension of the session, Mr. Speaker, personal necessity po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). The Majority Leader is recognized.

#### SUSPENSION OF SESSION

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). The session is suspended.

*It was 5:23 p.m.*

#### RESUMPTION OF SESSION

*At 5:25 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Romero). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

REP. UNGAB. Thank you, Mr. Speaker. This Representation is now ready for questions, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

